
4

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Sining
## Kwarter 2 – Modyul 4:
## Pista ng Pamayanang Kultural




ALTERNATIVE DELIVERY MODE
ADM

CO_Q2_Arts4_Modyul4

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Sining – Grade 4**
**Alternative Delivery Mode**
**Kuwarter 2– Modyul 4: Pagguhit: Pista ng Pamayanang Kultural**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

**Manunulat:** Mary Ann M. Corporal

**Editor:** Francis Durante

**Tagasuri:** Cynthia T. Montanez

**Tagalapat:** Mary Ann M. Corporal

**Tagapamahala:** Gilbert T. Sadsad
Francisco B. Bulalacao, Jr.
Grace U. Rabelas
Ma. Leilane R. Lorico
Jerson V. Toralde
Belen B. Pili
Cynthia T. Montanez

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region V**

Office Address: Regional Center Site, Rawis, Legazpi City 4500
Telefax: 0917 178 1288
E-mail Address: region5@deped.gov.ph

# 4

# Sining
## Kuwarter 2 – Modyul 4:
## Pista ng Pamayanang Kultural

# Paunang Salita

Ang Self-learning Module o SLM ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral so kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral mna may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahn ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Isang pinagpalang araw sa iyo kaibigan!!!

Sa modyul na ito magagawang ipakita sa likhang-sining ang damdamin ng bawat isa lalong-lalo na sa mga selebrasyon at pagdiriwang sa iba't-ibang panig ng ating bansa, ang Pilipinas.

Pagkatapos ng modyul na ito ay inaasahan ang mag-aaral ay magagawa ang sumusunod na layunin:

A. Napaghahambing ang iba't ibang pagdiriwang sa mga pamayanang kultural sa bansa.
B. Nakalilikha ng isang myural ng isang selebrasyon o pagdiriwang.
C. Naipagmamalaki ang mga pamayanang kultural sa pamamagitan ng likhang sining.



## *Subukin*

## Alam mo na ba?

**Panuto**: Iguhit sa sagutang papel ang  kung tama ang pangungusap at  kung mali.

______1. Ang Pahiyas ay isang makulay na pagdiriwang tuwing ika-15 ng Mayo sa Lucban, Quezon.

______2. Ang bawat lugar o bayan ay may kani-kanilang panahon ng pista.

______3. Ang salitang *Panagbenga* ay nangangahulugang "tenga ng isang bata".

______4. Nagkakabuklod ang mga Pilipino dahil sa selebrasyon tulad ng panahon ng pagtatanim at pistang bayan.

______5. Ang *Flower Festival* ay tinatawag ding Pahiyas Festival.

______6. Ang Pista ng Moriones ay isa sa makukulay na pagdiriwang sa pulo ng Marinduque.

______7. Ang Tinagba Festival ay ipinagdiriwang taon-taon sa Lungsod ng Iriga o *City of Crystal Clear Springs*, tuwing ika-11 ng Pebrero.

______8. Tuwing Sinulog Festival ay libo-libong mga deboto ang tradisyonal na nagtutungo sa Lungsod ng Baguio.

MAGALING!

Ilan ang nakuha mo?

Nasiyahan kaba habang sinasagutan ang mga katanungan?Magaling kung nakuha mo lahat ng tamang sagot. Ayos lang din kung di mo nakuha lahat dahil mas lalo pa natin ito lilinangin.

## *Balikan*

**Panuto:** Basahin at unawain ang bawat pangungusap. Iguhit sa loob ng kahon ang masayang mukha kung tama ang ipinapahayag sa bawat pangungusap at malungkot na mukha kung mali.

☐ 1. Ang value ay sangkap ng kulay na tumutukoy sa kapusyawan at kadiliman nito.

☐ 2. Sa pamamgitan ng value sa pangkulay, nagiging makatotohanan at maganda ang larawan.

☐ 3. Ang pagpahid ng watercolor na may kaunting tubig ay nakapagpapalabas ng mapusyaw na kulay.

☐ 4. Sa pamamagitan ng value, nagiging makatotohanan ang dating ng larawan.

☐ 5. Sa watercolor painting, naipapakita ang tamang value sa pagkulay sa pamamagitan ng pagdaragdag ng tubig.

## *Tuklasin*

**ALAM MO BA…**

**I.A Panuto:** Tingnan ang bawat larawan. Ayusin ang bawat titik upang mabuo ang salita na tumutukoy sa bawat larawan.





1. IPNAGAK-_______________

https://image.shutterstock.com/image-vector/roasted-pig-on-plate-vector-260nw-276076535.jpg

2.NABDIERTSA-_____________

https://backgroundcheckall.com/wp-content/uploads/2017/12/fiesta-banderitas-background-2.jpg





3. OTANUKAS - _______________

https://i.pinimg.com/originals/62/f6/4f/62f64fb80a2317d6ef0e6b92e3a84f02.jpg

4. YASAWAN- _____________

https://clipartstation.com/wp-content/uploads/2018/09/boy-dancing-clipart-7.jpg



https://i.pinimg.com/736x/21/09/af/2109af5db9ee43d009594af2670dea0e.jpg

5. LAOPAR - _______________

I.B Saan at kalian makikita ang mga larawan sa itaas?Isulat sa ibaba ang iyong karanasan na naalala sa mga larawan.

___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
___________________________________________________________
_________

# *Suriin*

*Pagmasdan ang mapa ng Pilipinas. Saang parte ang iyong pamayanan?*
*Alam mo ba kung ano-ano ang mga pagdiriwang sa Pilipinas?*




*http://vignette1.wikia.nocookie.net/myanmarietta/images/7/7a/Philippine_map.png/revision/latest?cb=20130611164354*

https://www.travelforumboard.com/asia/10-most-famous-festivals-philippines/
http://zakurazengki.weebly.com/philippine-festivals.html

Ang mga Pilipino ay sadyang masayahin. Nakakapagbuklod tayo dahil sa mga selebrasyon at pagdiriwang tulad ng panahon ng pagtatanim at pistang bayan. Ang mga tao ay sama-samang nagsasaya, nagbabatian at gumagawa upang maisakatuparan ang layunin ng kanilang pagdiriwang.

Ilan sa mga pagdiriwang sa pamayanang kultural sa bansa ay ating kikilalanin.

Handa ka na bang bumisita at makisaya sa kanikanilang pagdiriwang?



**Pistang Bayan**




https://live.staticflickr.com/3855/14389666465_0e626b006d_b.jpg

Ang bawat lugar o bayan ay may kani-kanilang panahon ng pista. Ito ay parangal sa Santong Patron ng bayan at ginagawa isang beses sa isang taon. Ang mahalagang bahagi ng pagdiriwang ay ang misa at prusisyon. Dito nagkakasama ang magkakaibigan at magkakamag-anak. Lahat ay nagsasaya dahil sa mga palaro, masasayang tugtugin, parada at pagsasalo-salo sa masaganang pagkain.

**Pahiyas Festival**




https://d1sttufwfa12ee.cloudfront.net/uploads/deal/thumb/51086_4.jpg

Ang Pahiyas ay isang makulay na pista na ipinagdiriwang tuwing ika-15 ng Mayo sa Lucban, Quezon. Sa pamamgitan ng pistang ito, pinapasalamatan ng mga magsasaka ang kanilang patron dahil sa kanilang masaganang ani. Bahagi ng selebrasyon ang pagdedesinyo ng mga bahay kung saan ito ay napapalamutian ng kanilang sariling ani tulad ng mga prutas, gulay, palay, bulaklak, dahon, 'pako' at 'kiping' na siyang nagdadala ng isang makulay na kabuuan

**Panagbenga Festival**




https://sashesandscripts.files.wordpress.com/2018/10/01.jpg?w=840&h=630

Penagbenga o ang *Baguio Flower Festival* ay ang taunang kapistahan sa Lungsod Baguio na idinaraos sa buong buwan ng Pebrero. Ipinagmamalaki dito ang kasaganahan ng mga bulaklak sa Baguio gayun din ang mayamang kultura nila kung kaya ito ay dinarayo taon-taon ng mga turista. Ang salitang **Penagbenga** ay may kahulugang, "*panahon ng pagyabong, panahon ng pamumulaklak*". Sa selebrasyong ito makikita ang mga magarbong kaayusan ng bulaklak, sayawan sa kalye, eksibit ng bulaklak, paglilibot sa hardin, paligsahan ng pag-ayos ng bulaklak, maningning na pagsabog ng mga paputok, at iba pa.

**Tinagba Festival**





https://2.bp.blogspot.com/-nLo9ErS0iXU/TsfNq-cTbfI/AAAAAAAAD4w/YYsKtwrzIW4/s1600/331153_2262480521684_1238602417_32342400_657267211_o.jpg

Ang Tinagba Festival ay ipinagdiriwang taon-taon sa Lungsod ng Iriga o *City of Crystal Clear Springs*, tuwing ika-11 ng Pebrero. Ito ay pagpapasalamat at pag-aalay sa masaganang ani. Ipinagdiriwang din ang kapistahan "Our Lady of Lourdes. Ang pagdiriwang na ito ay nagsimula pa noong ang mga Bicolano ay nag-aalay ng kanilang ani sa mga Panginoon o Santo bilang pasasalamat at upang humiling nang mas masaganang ani. Bahagi ng Selebrasyon ang pagkakaroon ng "Street Dancing Contest", Parada ng " carabao-drawn carts or motored floats" na pinalamutian at pinaganda gamit ang ipinagmamalaking mga produkto sa bawat barangay.

https://www.vigattintourism.com/tourism/articles/Tinagba-Festival-Celebrating-the-Abundant-Harvest

**Ati-Atihan Festival**




Ipinagdiriwang tuwing ikalawa hanggang ikatlong linggo ng Enero kada taon ang pista ng Ati-atihan sa Kalibo, Aklan, bilang pagdakila sa Santo Niño. Nagpapahid ng uling sa mukha at katawan ang mga mananayaw, samantalang patuloy ang ritmo ng tambol na waring nagsasagutan sa himig ng "Hala, Bira!" Makikilahok ang buong bayan sa pista,

magbabahaginan ng pagkain at inumin, at isang linggong malalango ang mga lansangan. Hinango ang pista sa maalamat na pagtatagpo ng mga katutubo at ng mga Kristiyanong mananakop, at ang pagsamba sa Santo Niño na malimit hinihingan ng milagro.

**Sinulog Festival**




Alay ito sa Sto. Nino at sa tuwing Sinulog Festival ay libo-libong mga deboto ang tradisyonal na nagtutungo sa Cebu upang magbigay ng pasasalamat at magdasal. At sa mga turista ay kasiyahan naman ang naghihintay sa kanilang pagdating at tipong Rio Carnival at mardigras ang tema ng Sinulog Festival.

**Moriones Festival**




Ang Pista ng Moriones ay isa sa makukulay na pagdiriwang sa pulo ng Marinduque. Ang Morion ay nangangahulugan "maskara", na parte ng armor ng Romano na ipinapantakip sa mukha noong panahong Medyibal. Ang Moriones ay ang mga taong nakasuot ng maskara at nakagayak, na nagmamartsa paikot sa bayan, sa loob ng pitong araw sa paghahanap kay Longhino. Ang isang linggong pagdiriwang na ito ay nagsisimula sa Araw ng Lunes Santo at nagtatapos sa Pasko ng Pagkabuhay.

http://zakurazengki.weebly.com/philippine-festivals.html

## *Pagyamanin*

**I. Panuto**: Basahin at unawain ang mga tanong. Ipaliwanag ang iyong sagot.

1. Ano ang kahalagahan nga pistang bayan sa bawat mamamayan ng ating bansa?

2. Bakit kaya ang iba't ibang lugar/bayan ng ating bansa ay may kani-kaniyang pagdiriwang o kapistahan?

II. Panuto: Gumawa ng isang likhang sining tungkol sa isang pagdiriwang sa inyong lugar. Ipaliwanag kung bakit ito ang iyong napili. Ipinagmamalaki mo ba ang inyong kultura?

## *Isaisip*

Paano maipapakita ang damdamin ng isang tao sa kanyang likhang sining?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

__

Sa mga selebrasyon o pagdiriwang tulad ng pista , ano-ano ang angkop na kulay ang dapat mong gamitin sa iyong likhang sining. Bakit?

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

______________________________________________________________________

___

| Tandaan |
| --- |
| Naipapakita ang damdamin ng isang tao sa pamamagitan ng paggamit ng kulay. Ang mga kulay tulad ng dilaw, kahel, pula ay ginanagamit sa mga masayang pagdiriwang o selebrasyon tulad ng pista. |



# *Isagawa*

## Tayo na at lumikha !



### MYURAL NG PISTANG BAYAN

**Kagamitan:** Cartolina/Cardboard, acrylic paint o acry-color, brush, lapis, marker, water container, basahan, lumang dyaryo, at bond paper

**Mga Hakbang Sa Paggawa:**

1. Ihanda ang mga kagamitan.
2. Palnuhin ang iguguhit na selebrasyon sa isang bond paper.
3. Ang nabuong disenyo ay ilipat sa isang buong cartolina.
4. Ilipat ito sa cartolina ardboard sa pamamagitan ng lapis.
5. Kulayan ang iyong iginuhit sa pamamagitan ng acry-color o acrylic paint. Gumamit ng mga masasayang kulay tuald ng dilaw, dalandan, pula at iba pa upang maipakita ang masayang damdamin.
6. Patuyuin.
7. Linisin at iligpit na ang mga kagamitan.
8. Ipakita ang iyong ginawa.

Naipakita mo ba gamit ang iyong likhang sining ang gusto mong iguhit na pistang bayan? Magaling kung ganun!



## *Tayahin*


Ihambing ang sumusunod na pagdiriwang o selebrasyon gamit ang Venn diagram.



SOURCE:https://cdn-az.allevents.in/banners/9e9d912339876a58e33d05d8bef2695c





SOURCE:http://1.bp.blogspot.com/-IJkI9KJ-gyo/U2dcvwuNbKI/AAAAAAAAIes/cGq_23-2OgU/s1600/PanagbengaFlowerFestival_BaguioPhilippines.jpg




2.




http://zakurazengki.weebly.com/philippine-festivals.html



## *Karagdagang Gawain*

Panuto: Pagtambalin ang Hanay A at Hanay B. Hanapin sa hanay B ang inilalarawan sa Hanay A. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang.


| | HANAY A | HANAY B |
|---|---|---|
| ____________ | 1. Baguio Flower Festival | A. Pistang Bayan |
| ____________ | 2. Panahon ng pamumulaklak | B. Sinulog |
| ____________ | 3. Parangal sa santong patron ng bayan. | C. Tinagba |
| ____________ | 4. Ipinagdiriwang sa Lungsod ng Cebu. | D. Panagbenga |
| ____________ | 5. Ipinagdiriwang tuwing ika-11 ng Pebrero sa Lungsod ng Iriga. | E. Pahiyas |



## *Susi sa Pagwawasto*


**SUBUKIN**

1.
2.
3.
4.
5.
6.
7.
8.



**BALIKAN**

1.
2.
3.
4.
5.




**TUKLASIN**


1. PAGKAIN
2. BANDERITAS
3. KASUOTAN
4. SAYAWAN
5. PALARO

## TAYAHIN

1.




2.




## KARAGDAGANG GAWAIN

1. D
2. E
3. A
4. B
5. C

## *Sanggunian*


*Digo, M.E. et.al. (2015).Musika at Sining 4, Kagamitan ng Mag-aaral. Book Media Press Inc.*

*Digo, M.E. et.al. (2015).Musika at Sining 4, Patnubay ng Guro. Book Media Press Inc.*

https://image.shutterstock.com/image-vector/roasted-pig-on-plate-vector-260nw-276076535.jpg

https://backgroundcheckall.com/wp-content/uploads/2017/12/fiesta-banderitas-background-2.jpg

https://i.pinimg.com/originals/62/f6/4f/62f64fb80a2317d6ef0e6b92e3a84f02.jpg

https://live.staticflickr.com/3855/14389666465_0e626b006d_b.jpg

https://clipartstation.com/wp-content/uploads/2018/09/boy-dancing-clipart-7.jpg

https://i.pinimg.com/736x/21/09/af/2109af5db9ee43d009594af2670dea0e.jpg

*http://vignette1.wikia.nocookie.net/myanmarietta/images/7/7a/Philippine_map.png/revision/latest?cb=20130611164354*

https://www.travelforumboard.com/asia/10-most-famous-festivals-philippines/

http://zakurazengki.weebly.com/philippine-festivals.html

https://d1sttufwfa12ee.cloudfront.net/uploads/deal/thumb/51086_4.jpg

https://sashesandscripts.files.wordpress.com/2018/10/01.jpg?w=840&h=630

https://2.bp.blogspot.com/-nLo9ErS0iXU/TsfNq-cTbfI/AAAAAAAAD4w/YYsKtwrzIW4/s1600/331153_2262480521684_1238602417_32342400_657267211_o.jpg

https://www.vigattintourism.com/tourism/articles/Tinagba-Festival-Celebrating-the-Abundant-Harvest

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph